Koda ng Kaasalan sa

Dole Food Company, Inc.

Ang Ating Mga Pangunahing Pinahahalagahan

INTEGRIDAD

Mahigpit nating sinusunod ang mga pinakamatataas na pamantayang etikal at nagnenegosyo nang bukas at tapat sa espiritu at titik ng batas.

KALIDAD

Ang ating misyong makapagkaloob ng pinakamainam, pinakamataas na kalidad ng sariwang prutas, gulay, at manguna sa industriyang kinabibilangan sa larangan ng edukasyon at pananaliksik sa nutrisyon, ang punong pinapahalagahan ng Dole.

KAHALAGAHAN

Naninindigan tayo sa paghahatid ng karagdagang pagpapahalaga sa ating stockholder o mga nagmamay-ari ng sosyo at sa ating mga mamimili sa buong mundo.

KATAPATAN

Pinahahalagahan ng Dole ang tapat na pakikipag-ugnayan sa stakeholder nito—ang ating mga nagmamay-ari ng sosyo o stockholders, mga mamimili, mga kawani, mga tagatustos, mga katuwang sa negosyo at mga punong abalang bansa sa buong mundo.

PANININDIGAN

Sa loob nang higit na 150 taon, naninindigan tayo sa pagpapatupad ng mga inaasahan ng ating mga mamimili sa mga kritikal na larangan ng pagtitiyak sa kalidad, sa pagiging ligtas kainin ng mga pagkain, kadaliang matunton, tungkulin sa kapaligiran at pananagutan sa lipunan.

PAGGALANG

Naninindigan tayo sa pagpapanatili ng isang positibo at nagkakaiba-ibang pundasyon ng lugar ng trabaho at mga tagatustos o supplier, na nagtataguyod ng bukas na pag-uusap at kumikilala sa kahalagahan ng indibidwal at pagkakaiba-iba sa kanilang mga kultura.

MGA RESULTA

Itinataguyod ng Dole ang isang kulturang nakatuon sa mga resulta batay sa ating mga pinahahalagahan.

Liham Mula Sa Ating Tagapangulo, David H. Murdock

Koda ng Kaasalan sa Dole Food Company, Inc. at sa mga Pinagsama-samang Sangay Nito ("Dole")

Sa mga Miyembro ng Lupon ng mga Direktor, mga Kawani, mga Kasangguni at mga Tagatustos ng Dole

Ang tagumpay at reputasyon ng DOLE® at ang tatak Dole ay naitatag sa pamamagitan ng ating ganap na paninindigan sa ating mga pangunahing pinahahalagahan, at sa nakatataas na kalidad ng ating mga produkto, mga tao, mga ugnayan sa negosyo at mga kasanayang pangnegosyo. Sa paghahatid ng naturang paninindigan sa bawat araw, patuloy nating naitatatag ang tatak Dole at ang kahalagahan ng ating kompanya. Hinihikayat ko ang bawat isa sa inyo na pagyabungin at palawakin ang ating nakatataas na kalidad sa lahat ng ating ginagawa.

Bilang isang kompanya, matagal na nating tinatamasa ang isang pinagpipitagang reputasyon para sa ating kaugaliang etikal sa ating pakikitungong pangnegosyo, sa ating paggalang sa kapaligiran, at sa ating mataas na pagmamalasakit, at makatarungan at karampatang pagtrato sa ating mga tauhan. Sumusunod tayo sa mga batas at alituntunin ng bawat bansang mayroon tayong pinapangasiwaan. Ginagamit natin ang ating nakatataas na karunungan at walang kaparis na mga mapagkukunang yaman upang maisagawa ang tama para sa ating stockholder o mga nagmamay-ari ng sosyo, mga mamimili, mga kawani, mga kasangguni, mga tagatustos at mga punong abalang bansa. Ang pilosopiyang ito ay saligan ng kultura ng Dole.

Habang tayo ay nagpapatuloy sa pagpapalawak ng ating mga pinangangasiwaan sa buong mundo at nagpapatuloy sa landas ng kultura ng inobasyon sa Dole, mahalaga na tayo ay manatiling nakakaalam sa Koda ng Kaasalang ito at sa lahat na mga patakaran ng Dole upang matiyak ang kanilang ganap at kumpletong implementasyon. Ang mga patakarang ito ay dinisenyo upang mapangalagaan ang mga ari-arian ng Dole at makaiwas sa anumang gawi na makakasira o makakapagpababa sa kahalagahan ng Dole.

Hinihingi ng Dole ang tuloy-tuloy na pagsunod sa Koda at sa iba pang mga patakaran ng Dole sa buong mundo, at hinihingi nito ang Taunang Pagbabalik-aral alinsunod sa inilarawan sa Koda. Sa puntong ito, patuloy nating binabago ang Koda pati na ang pagkakaroon nito ng mga kopya sa iba't ibang wika at sa Internet.

Salamat sa inyong paninindigan at dedikasyon sa Dole at sa patuloy na tagumpay.

David H. Murdock,
Chairman of the Board at CEO
Dole Food Company, Inc.

Mga Nilalaman ***Pahina***

Mga Kaugnay na Datos 1

Ang Saklaw at Layunin ng Ating Koda 1

Mga Tungkuling Ating Pinagbabahagihan Sa Ilalim ng Koda 2

Pagsunod sa Patakaran 2

Pagpapahayag ng Koda at Pagpapatotoo na Natanggap 2

Mga Pampublikong Komunikasyon Tungkol sa Dole 3

Ang Ating Paninindigan sa Ating mga Pandaigdigang Pamayanan 4

Ang Kaangkupan ng Koda sa mga Ugnayan sa Negosyo ng Dole 4

Pagsunod sa mga Batas 5

Kawastuhan at Integridad ng mga Libro, mga Takda at mga Pagsisiwalat sa Publiko 6

Pangangasiwa ng mga Takda 7

Kumpidensiyal na Impormasyon 7

Pagpapanatili ng Isang Positibo at Kagalang-galang na Lugar ng Trabaho 9

Pagpapanatili ng isang Ligtas at Maayos na Kapaligiran sa Trabaho 10

Pagsunod sa mga Batas na may Kaugnayan sa Pagpapatrabaho sa Bata (Child Labor), Paglaban sa Pang-aalipin (Anti-Slavery) at Paglaban sa Iligal na Pagluluwas ng Tao (Anti-Human Trafficking) 11

Pangangalaga sa Pagka-pribado ng Kawani 11

Mga Batas Pangkalusugan, Pangkaligtasan at Pangkapaligiran 12

Supply Chain ng Produkto 13

Mga Batas sa Antitrust/Kumpetisyon 13

Pangangalap ng Impormasyon tungkol sa Kumpetisyon nang Naaayon sa Etika at sa Batas 14

Paglahok sa mga Kapisanan sa Kalakal 15

Mga Batas ukol sa Embargo at sa Paglaban sa Terorista 16

Anti-Boycott 17

Mga Bayad o Regalo sa mga Opisyal o Kawani ng Pamahalaan 17

Ang mga Suhol, Kickback at Pagpapadali ng Bayad ay Hindi Pinahihintulutan sa Dole 18

Mga Batas Laban sa Katiwalian 19

Pandaraya 19

Paggamit sa mga Ari-arian ng Dole.....20

Salungat sa Interes 21

Mga Regalo at Libangan 22

Mga Pamamahaging Pampulitika.....24

Insider Trading sa Mahahalagang Papeles 25

Mga Pagpapaubaya (Waiver) sa Ating Koda.....26

Divisional Senior Management.....26

Pinagbaha-bahagihang Tungkulin upang Mapigilan, Maiwasto at, kung Kailangan, Maiulat ang mga pinaghihinalaang Paglabag sa Koda 27

Mga Kaugnay na Datos

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Nobyembre 1, 2013. Mangingibabaw sa lahat ng mga naunang bersyon.

Angkop Para Sa: Dole Food Company, Inc. at sa lahat ng mga pinagsama-samang sangay nito. Ginagamit natin ang salitang “Dole” o “Kompanya” para tukuyin ang Dole Food Company, Inc. at ang mga pinagsama-samang sangay nito.

Ang Patakaran ay Pinagtibay ng: Lupon ng mga Direktor ng Dole Food Company, Inc.

Ang Saklaw at Layunin ng Ating Koda

Palaging pinagsusumikapan ng Dole na makasunod sa mga pinakamatataas na pamantayang etikal sa kabuuang pinangangasiwaan nito sa buong mundo. Umani na ito ng pandaigidigang reputasyon sa pagnenegosyo nang may integridad. Kailangang patuloy nating ituon ang ating paninindigan sa maayos na kasanayang pangnegosyo sa mga gawain sa labas at loob ng Dole.

Ang paninindigang ito ay nangangahulugan ng pagsunod sa titik at espiritu ng batas. Nangangahulugan din ito ng pagtrato sa mga mamimili, mga tagatustos, mga kompetisyon at mga kapwa kawani ng Dole at mga direktor nang patas at bukas, may malasakit at paggalang.

Ang Koda ng Kaasalan sa Dole ("Koda”) ay isang pahayag ng mga prinsipyo sa pagsasagawa ng negosyo, sa isang pamamaraang etikal at naaayon sa batas. Ang bawat isa sa atin—mga kawani at mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor pati na ang mga kasangguni, at mga pangunahing tagatustos at kritikal na tagatustos ng Dole—ay kailangang magbasa ng Koda ng mabuti at mahigpit na sumunod sa mga prinsipyo nito sa pagsasagawa ng negosyo sa Dole. Ang paninindigan ng Dole sa gawing etikal ay napakahalaga sa lahat ng ating mga gawain. Pinanghahawakan natin ang mga matataas na pamantayang ito dahil sa marubdob na paninindigan natin sa ating mga stakeholder: sa ating stockholder o nagmamay-ari ng sosyo, mga mamimili, mga kawani, mga tagatustos, mga katuwang sa negosyo at mga punong bansang abala sa buong mundo.

Ang iba pang mga patakaran ng Dole ay patuloy na ipatutupad nang pana-panahon, upang makatulong sa pagpapairal ng, at sa pagsunod sa mga prinsipyo ng Koda. Gayun din, ang mga patakarang ito ay kailangang sundin.

Ang dokumentong ito ay hindi isang kontrata ng pagkakaroon ng trabaho sa pagitan ng Dole at ng sino man sa mga kawani nito, mga direktor, mga kasangguni o mga tagatustos, at hindi nito binabago ang kasalukuyang paglilingkod o iba pang mga ugnayan sa mga naturang partido.

Mga Tungkuling Ating Pinagbabahagihan Sa Ilalim ng Koda

Sa Dole, sama-sama tayong nagtatrabaho upang itaguyod ang ating Koda, at magkakabahagi tayo sa tungkuling pigilan, iwasto at, kung kailangan, iulat ang mga pinaghihinalaang paglabag sa Koda. Sa ganitong pamamaraan mapahihintulutan ang mabilis na pagharap sa mga alalahanin bago pa man maging malalaking suliranin ang mga ito.
Habang tayong lahat ay kailangang sumunod sa mga prinsipyo ng ating Koda, ang ating mga tagapamahala at tagapagpanuto ay may mga karagdagang tungkulin. Bilang isang tagapamahala o tagapagpanuto, kayo ay kailangang:

- Mamuno sa pamamagitan ng magandang halimbawa
- Tiyaking ang ating Koda ay maayos na naiparating sa mga nasasakupan
- Tiyaking ang mga kawani sa inyong kagawaran ay pana-panahong nabibigyan ng pagsasanay na may kinalaman sa Koda, at sa mga patakarang nakaka-apekto sa kanilang mga trabaho
- Asahan at hingin ang gawing etikal sa lahat ng panahon

Pagsunod sa Patakaran

Ang mga kawani at mga miyembro ng ating Lupon ng mga Direktor, pati na ang mga kasangguni at mga tagatustos ay kailangang sumunod sa lahat ng mga bahagi ng Kodang ito, at sa lahat ng iba pang mga patakaran ng Dole. Anumang paglabag ng isang kawani o direktor sa koda ay maaaring magdulot ng isang hakbang na pang-disiplina, na hanggang sa at kabilang na ang, pagkatanggal sa trabaho o paglilingkod bilang direktor, ayon sa naaangkop. Anumang paglabag sa Koda ng mga kasangguni o mga tagatustos ay maaaring magdulot ng pagtatapos ng kaugnayan sa kanila. Ang mga naturang patakaran na nakahanda na para sa publiko ay nakapaskil sa www.Dole.com. Maaaring kuhanin ng mga kawani ang mga panloob na patakaran mula sa kanilang lokal na departamento ng Human Resources.

Pagpapahayag ng Koda at Pagpapatotoo na Natanggap

Bago ang pagsisimula ng pagtatrabaho, ang Human Resources Department o ang itinalagang dibisyon sa kagawaran ay may tungkuling tiyaking ang lahat ng mga bagong kawani (panatilihan man, pang-pana-panahon o pansamantala) ng Dole ay nabigyan ng Kodang ito sa mismong araw na sila ay matanggap sa trabaho, at sa pagkuha mula sa kanila ng buo at pirmadong Takda ng Pagpapatotoo na Natanggap na ang Koda ng Kaasalan (Code of Conduct Acknowledgment Form). Bago pa man tanggapin para magtrabaho, lahat ng mga maaaring maging salungat sa interes na natukoy sa Takda ng Pagpapatotoo na Natanggap na ang Koda ng Kaasalan (Code of Conduct Acknowledgment Form) ay kailangang naiulat sa kinatawan ng Human Resources at pinagtibay ng Divisional Senior Management ng naaangkop na yunit ng negosyo.

Bago ang pagtatalaga ng mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor, ang General Counsel o ang itinalagang Assistant Secretary ng Dole Food Company, Inc. ay may tungkuling tiyakin na ang mga bagong direktor ay nabigyan ng Kodang ito at, sa pagkuha para sa kanila ng buo at pirmadong Takda ng Pagpapatotoo na Natanggap na ang Koda ng Kaasalan. Bago pa man matuloy ang pagtatalaga, lahat ng mga maaaring maging salungat sa interes na natukoy sa Takda ng Pagpapatotoo na Natanggap na ang Koda ng Kaasalan ay kailangang balik-aralin at pagtibayin ng General Counsel ng Dole.

Ang Kodang ito ay ipamamahagi din sa, at isang pirmadong Takda ng Pagpapatotoo (Acknowledgment Form) ang kailangang kuhanin mula sa, lahat ng mga kasangguning ang paglilingkod ay pinananatili ng Dole sa loob nang anumang panahong katumbas ng, o lampas pa sa anim na buwan. Ganito rin ang para sa lahat ng mga pangunahing tagatustos at mga kritikal na tagatustos ng Dole. Habang ang mga kawani ng Dole na may kapangyarihang panatilihin ang mga tagatustos ay may tungkuling tiyaking ang Koda ay naiintindihan ng kanilang mga tagatustos, kailangan din nilang tiyakin na ang mga kritikal na tagatustos at ang ilang mga pangunahing tagatustos ay sumailalim ng Taunang Pagbabalik-Aral ng Koda ng Kaasalan (Code of Conduct Annual Review) kung hihilingin.

Taun-taon, hihingin ng Dole sa kanyang mga direktor, mga itinalagang kawani, at mga kasangguni (ayon sa inilarawan sa itaas), mga kritikal na tagatustos at ilang mga partikular na pangunahing tagatustos, na sumailalim sa Taunang Pagbabalik-Aral.

Mga Pampublikong Komunikasyon Tungkol sa Dole

Labag sa patakaran ng Kompanya na ang mga direktor, opisyal o kawani ay magsiwalat ng anumang lihim na impormasyon tungkol sa Kompanya sa kahit na sino, maliban na lamang sa mga pagkakataong ang pagsisiwalat ay pinahihintulutan o ipinag-uutos ng batas. (Tingnan ang *Mga Panuntunan ng Dole para sa Mga Pagsisiwalat sa Publiko at Komunikasyon sa Komunidad na may Kinalaman sa Pamumuhunan (Guidelines for Public Disclosures and Communication with the Investment Community*.) Ang patakarang ito ay mahalaga hindi lamang upang mapanatili ang mga ipinagkatiwala sa Kompanya, kung hindi pati na rin ang masunod ang mga batas pederal ng US na may kinalaman sa mahahalagang papeles, na dinisenyo upang maiwasan ang “insider trading.” Kahit pa ang mga nasegurong talaan ng Dole ay hindi nakalista sa SEC, sila ay nagkakalakalan sa “portal” na pamilihan at walang sinuman ang dapat makipagkalakalan sa “insider” na pamamaraan.

Upang mabantayang hindi maisiwalat ang mga materyal na hindi pampublikong impormasyon sa Investment Community [nangangahulugang mga propesyunal sa merkado (mga tagasuri o analysts, mga broker-dealer, mga institusyunal na namumuhunan o institutional investors, mga tagapayo ng pamumuhunan o investment advisors, mga tagapamahala ng mga institusyunal na pamumuhunan o institutional

investment managers at mga kompanyang namumuhunan o investment companies) na makatuwiran lamang na posibleng makipagkalakalan dahil sa nakuhang hindi pampublikong materyal na impormasyon), ang ating patakaran ay nagtalaga ng mga piling kawani bilang "Mga Tagapagsalita ng Kompanya" o “Spokespersons”: ang Chief Executive Officer, Chief Operting Officer, Chief Financial Officer, General Counsel, Treasurer at ang naitalagang Head of Corporate Communications. Ang mga indibidwal na Tagapagsalita **lamang** ang tanging may kapangyarihang magsiwalat ng impormasyon tungkol sa Kompanya sa Investment Community. Ang mga indibidwal na hindi Tagapagsalita ay dapat na dalhin ang mga tanong ng Investment Community tungkol sa Kompanya sa isang Tagapagsalita.

Ang ating patakaran ay angkop sa mga komunikasyong nasa lahat ng anyo ng media, kasama na ang print o nakalathala (tulad ng diyaryo, magasin at journals), telebisyon, radyo, social media at lahat ng iba pang elektronikong pamamaraan (tulad ng mga website, blog, newsletter, compact disk, tape, at iba pa). Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Patakaran sa Komunikasyon sa Media (Media Communications Policy)* ng Dole at ang *Mga Panuntunan sa Pagsisiwalat sa Publiko at Komunikasyon sa Komunidad ng Pamumuhunan (Guidelines for Public Disclosures and Communications with the Investment Community).*

Ang Ating Paninindigan sa Ating mga Pandaigdigang Pamayanan

Naniniwala ang Dole na ang pagsusulong sa paglago ng ekonomiya at komersyo sa loob at labas ng bansa sa isang etikal at patas na pamamaraan ay may positibong kinasapitan sa mga pakikipag-ugnayan natin sa buong mundo. Bilang isang pandaigdigang negosyo, kinikilala at tinatanggap ng Dole ang kanyang tungkulin sa interes ng mga bansa kung saan mayroon itong pinangangasiwaan, pinananatili ang pakikipag-ugnayang walang bahid ng pulitika at iginagalang ang mga batas at alituntunin ng kaukulang bansa.

Kailangang pagtuunang mabuti ng pansin ng Dole ang mga punong pinahahalagahan ng bawat bansa ukol sa pag-unlad ng ekonomiya at lipunan, kasama na ang paglagong industriyal at pang-rehiyon, ang kalidad ng kapaligiran, ang pagtatrabaho at mga gawaing ukol sa pagsasanay at ang paglilipat at pagsusulong ng teknolohiya at mga pagbabago.

Ang Kaangkupan ng Koda sa mga Ugnayan sa Negosyo ng Dole

Ang paninindigan ng Dole sa kaugaliang etikal ay umaabot sa mga pakikipag-ugnayan nito sa negosyo sa mga mamimili at tagatustos, pati na sa mga posibleng maging mamimili at tagatustos. Ang mga kawani at direktor ay inaasahang makikipag-ugnayan nang patas sa mga mamimili at tagatustos, kikilos sa isang pamamaraang lilikha ng pagpapahalaga, at tutulong sa pagtatatag ng isang ugnayang ang batayan ay tiwala. Anumang pakikipag-ugnayan o transaksyon sa

mamimili o tagatustos ng Dole na lumabag sa alinmang bahagi ng Kodang ito ay kailangang iulat, gayun din kung ang naturang paglabag ay mula sa ikinilos ng mga direktor, kawani o mga kasangguni. Hinihingi ng Dole ang pamamahagi ng Koda sa mga kasangguni, kritikal na tagatustos at pangunahing tagatustos, at hinihikayat ang pagsasama ng mga pamantayan sa pagsunod sa Koda sa mga kasunduan sa mga mamimili at tagatustos.

Pagsunod sa mga Batas

Patakaran ng Dole na isagawa ang negosyo nito alinsunod sa lahat ng mga naaangkop na batas. Umaasa ang Dole na ang lahat ng mga kawani at direktor ay gumamit ng mahusay na paghuhusga at sentido komon sa pagsasagawa ng mga tungkulin nila sa pangalan ng Dole alinsunod sa batas at umiwas sa gawing labag sa batas.

Sa partikular, ang mga kawani, pati na ang Tagapangulo, Chief Executive Officer, Chief Operating Officer, Chief Financial Officer, General Counsel, Controller/Chief Accounting Officer at mga Direktor ay kailangang sumunod sa, at isulong ang, mga sumusunod na prinsipyo:

a. ganap, patas, wasto, napapanahon at naiintindihang pagsisiwalat ng mga ulat at dokumento na maaaring kailanganing isinasalansan ng Dole sa, o isinusumite sa, U.S. Securities and Exchange Commission (ang “SEC”) at sa iba pang mga pampublikong komunikasyong isinasagawa ng Dole;
b. pagsunod sa espiritu at titik ng lahat ng mga naangkop na batas at alituntunin ng pamahalaan;
c. pagsunod sa sistema ng internal control sa Dole;
d. maagap na internal na pag-uulat ng alinmang pinaghihinalaan o nalalamang paglabag sa Kodang ito, alinsunod sa mga patakarang itinakda sa Kodang ito; at
e. ang maunawaang ang hindi pagsunod sa Koda ay isang dahilan upang magkaroon ng mga hakbang na pang-disiplina, kasama na ang pagkatanggal sa trabaho.

Hindi aasahan sa sino mang indibidwal na malaman nila ang lahat ng mga detalye ng lahat ng mga naaangkop na batas at mga tukoy na patakaran at alituntuning maaaring naaangkop sa mga partikular na uri ng trabaho, o sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa mga partikular na larangan. Ang mga indibidwal na may tanong tungkol sa kung ang ilang mga pangayayari ay maaaring kasama sa gawing labag sa batas o tungkol sa mga tukoy na batas na maaaring angkop sa kanilang mga gawain, ay kailangang sumangguni sa naaangkop na kawaning nakatala sa huling pahina ng Kodang ito.

Kawastuhan at Integridad ng mga Libro, mga Takda at mga Pagsisiwalat sa Publiko

Tunay na pinahahalagahan natin ang isang tapat at diretsahang pagpapakita ng mga katotohanan. Ang mga kawani at mga direktor ay inaasahang magpanatili ng mga libro at mga talaan sa naaangkop na detalye upang maipakita ang transaksyon nang wasto, patas, at buo. Ang patakaran ng Dole sa wasto, patas at buong pagtatago ng mga takda ay dapat gawin sa lahat ng mga talaan.

Ang lahat ng aming mga komunikasyon at pagsisiwalat sa publiko, kasama na ang mga pagsisiwalat at mga isinumite ng Dole sa mga ahensiya ng pamahalaan, pati na ang impormasyong pinansiyal na nilalaman nito, ay dapat na buo, patas, wasto, naiintindihan at napapanahon, at ganap na sumusunod sa naaangkop na batas.

Ang mga kawani ay may pananagutan sa wasto at buong pag-uulat ng mga pinansyal na impormasyon sa kani-kanilang mga tungkulin, at sa mga napapanahong pag-aabiso sa senior management ng mga pinansiyal at 'di-pinansyal na impormasyong maaaring materyal para sa Dole. Lahat ng mga pag-aari (assets) at mga pananagutan (liabilities) ng Dole ay kailangang itala sa regular na libro ng account. Lahat ng mga libro, mga takda at mga account ng Dole ay dapat na wastong makapagpakita ng uri ng itinalang transaksyon.

Ang pinagsama-samang ulat pinansiyal ng Dole ay kailangang makasunod sa mga prinsipyo ng accounting na tinatanggap sa pangkalahatan (generally accepted-accounting principles) at sa mga patakaran ng Dole sa accounting. Ang mga lokal o mga librong pang-batas (statutory books) at mga ulat pinansiyal (financial statements) ay dapat na makasunod sa lahat ng mga lokal na batas at alituntunin ng bansa. Walang hindi naisiwalat o hindi naitalang pondo o ari-arian ang itatakda sa anumang halaga para sa anumang layunin. Walang mali o artipisyal na ulat ang iuulat para sa anumang layunin. Walang gagawing pagbabayad, o pagkakasunduang presyo ng pagbili, na may balak o unawaang anumang bahagi ng naturang bayad ay gagamitin sa anumang layuning iba pa sa inilarawan sa dokumentong sumusuporta sa naturang kabayaran.

Lahat ng mga kawani ng Dole na may mga tungkuling kasama sa alinman sa mga inilarawan sa bahaging ito ay dapat na magsagawa ng mga kaukulang hakbang upang matiyak ang ganap na pagsunod. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Mga Patakaran ng Accounting (Accounting Policies and Procedures)* ng Dole at ang *Mga Pamamaraan ng Awdit para sa Paghahawak ng mga Reklamo at Alalahanin sa Accounting at Auditing (Audit Committee Procedures for Handling Accounting and Auditing Complaints and Concerns)* ng Dole.

T: Ang yunit ng negosyo na kinabibilangan ni Priscilla ay hindi umaabot sa pinansiyal na target nito. Noong papalapit na ang pagsasarado ng mga libro para sa quarter, lumapit kay Priscilla ang kanyang tagapamahala upang sabihing huwag niyang itatala ang ilang mga invoice ng mga vendor na katatanggap pa lamang, kahit pa ang trabaho ng vendor ay natapos na noon pang mga nakaraang linggo. Alam ni Priscilla na kapag ginawa niya ito, lalabas na mas malaki pa talaga ang kita sa pinangangasiwaan ng yunit ng negosyo na kanyang kinabibilangan. Ano ang dapat niyang gawin?

S: Hindi dapat pagbigyan ni Priscilla ang kahilingan ng kanyang tagapamahala at kailangang ipaalala niya rito na kapag ginawa niya ito ay hindi siya susunod sa mga *Mga Patakaran ng Accounting (Accounting Policies and Procedures)* ng Dole, sapagkat ang lahat ng mga nalalamang gastos para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa naturang panahon ay kailangang itala para sa mismong panahon. Kung ipagpipilitan ng kanyang tagapamahala na patagalin ang pagtatala ng invoice, kailangang talakayin niya ang pangyayari sa tagapagpanuto ng kanyang tagapamahala at, kung kailangan, iulat ang pangyayari sa iba pang mga dapat bigyang alam na nakatala sa huling pahina ng Koda.

Pangangasiwa ng mga Takda

Sa Dole, mahalaga ang pagpapanatili ng mga takda at mga dokumento ng korporasyon. Kung gayun, lahat tayo ay may tungkuling bantayan ang mga dokumento, mga nakasalansan at lahat ng iba pang mga takda ng Dole, alinsunod sa mga patakaran ng pangasiwa ng mga Takda ng Dole. Sumusunod din tayo sa lahat ng mga batas na may kaugnayan sa pagpapanatili ng mga takda, at hindi dapat palitan, itago o sirain ang anumang dokumento o takda na kailangan para sa isang pagsisiyasat o litigasyon. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa kung ang isang dokumento ay dapat na panatilihin, makipag-ugnayan sa inyong lokal na Records Coordinator at sumangguni sa *Pandaigdigang Patakaran ukol sa Pangangasiwa ng Rekord (Global Records Management Policy)* ng Dole at sa *Legal Hold Policy* ng Dole.

Kumpidensiyal na Impormasyon

Kasama, pero hindi limitado sa, “Kumpidensiyal na Impormasyon” ang lahat ng mga natuklasan, mga likha, mga pagpapaunlad at mga pagbabago, mga pamamaraan, kasiningan, mga kasanayang pampamilihan, pormula, software ng kompyuter, mga datos na nakuha mula sa pananaliksik, klinikal na datos, impormasyon tungkol sa

marketing at sales, mga personal at mga impormasyon na may kinalaman sa trabaho tungkol sa aming mga empleyado at mga tagapagpayo o consultant, mga talaan ng mga mamimili, pagpepresyo sa produkto, mga datos tungkol sa produksyon at distribusyon, datos pinansiyal, impormasyon tungkol sa budget, mga planong may kaugnayan sa negosyo at sa estratehiya, at lahat ng iba pang mga nalalaman na at mga lihim sa kalakal na pag-aari ng Dole na hindi pa nalalathala o naisisiwalat sa pangkalahatang publiko.

Ang mga kumpidensiyal na impormasyon ng Dole ay mahalagang pag-aari na dapat protektahan. Inaasahang pangangalagaan ng mga indibidwal ang pagka-kumpidensiyal ng mga impormasyon ng Dole, na gagamitin ang mga naturang kumpidensiyal na impormasyon para lamang sa mga layuning may kaugnayan sa negosyo, at lilimitahan ang paghahayag ng kumpidensiyal na impormasyon, sa loob at labas ng Dole, sa mga taong kailangang makaalam ng impormasyon para sa mga layuning may kaugnayan sa negosyo.

Ang pagsisiwalat ng mga kumpidensiyal na impormasyon ng Dole, sinadya man o hindi, ay makakasama sa kondisyong pinansiyal, sa mga pangangasiwa o sa katatagan ng Dole, at sa seguridad ng mga kawani nito. Bago ibahagi ang anumang kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa Dole sa isang taga-ikatlong partido, kailangang lagdaan muna ang isang naaangkop na kasunduan ukol sa hindi pagsisiwalat. Ang mga indibidwal ay hindi dapat lumagda sa isang kasunduan sa hindi pagsisiwalat, ng isang taga-ikatlong partido, o tumanggap ng mga pagbabago sa pamantayan ng kasunduan ukol sa hindi pagsisiwalat sa Dole, nang hindi nababalik-aral at napapagtibay ng Legal Department. Dagdag pa rito, lahat ng mga kasunduan ay kailangang sumunod sa *Two Signature Policy* ng Dole o Patakaran kung Saan Dapat ay Mayroong Dalawang Pirma.

Dahil sa panganib na makakasama sa Dole, bawat kawani at kasangguni at tagatustos na kailangang pumirma sa Confidentiality and Trade Secrets Agreement (Kasunduan ukol sa Pagka-kumpidensiyal at mga Lihim sa Kalakal) ng Dole ay kailangang sumunod sa mga tuntunin at kondisyon sa lahat ng pagkakataon.

Sa pagsusumikap na maiwasan ang mga paglabag, ang mga indibidwal ay kailangang agad na mag-ulat sa kanilang senior management ng anumang pagtatangka ng mga taga-labas o outsider na makakuha ng mga kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa Dole o anumang hindi pinahihintulutuang paggamit o pagsisiwalat ng naturang impormasyon.

T: Bago pumasok sa Kompanya, nagtrabaho muna si Pearl sa isang kakumpetisyon ng Dole, at nakalagda na sa isang kasunduan sa pagka-kumpidensiyal sa dating pinagtatrabahuhan. Sa isang katatapos pa lamang na pagpupulong, tinanong siya ng kanyang mga kasamahan sa trabaho kung

mayroon bang anumang impormasyong natutunan niya mula sa dating pinagtatrabahuhan na maaaring makatulong upang umangat pa ang Dole laban sa kumpetisyon. Sa palagay ni Pearl ay mayroon siyang mga nalalamang ilang bagay-bagay, pero hindi siya nakatitiyak kung dapat ba niyang ibahagi ang mga ito. Ano ang dapat gawin ni Pearl?

S: Kailangang ipaala ni Pearl sa mga kasamahan niya na hindi siya dapat sumuway sa anumang kasunduan sa pagka-kumpidensiyal na nilagdaan niya sa dating pinagtatrabahuhan. Kung itutuloy ng mga kasamahan niya ang kanilang hinihiling, kailangang talakayin niya ang bagay na ito sa kanyang tagapagpanuto o sa kanyang lokal na HR o Legal Department.Habang paglabag sa ating Koda kung susuway si Pearl sa kasunduan sa pagka-kumpidensiyal sa dating pinagtatrabahuhan, paglabag din sa ibang nagtatrabaho sa Dole na hilingin kay Pearl na sadyaing sumuway sa isang kasunduan sa pagka-kumpidensiyal.

Pagpapanatili ng Isang Positibo at Kagalang-galang na Lugar ng Trabaho

Kinikilala ng Dole na isa sa mga pinakamahalagang kayamanan nito ang kanyang mga tauhan. Naniniwala kami sa pagkakaroon ng isang positibong kapaligiran sa trabaho kung saan ang komunikasyon ay bukas at may paggalang.

Pilosopiya at kasanayan ng Dole na pagkalooban ang mga kawani ng mga pagkakataon, anupaman ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pinagmulang etniko o bansa, edad, kapansanan o anumang salik na ipinagbabawal ng mga naaangkop na batas o ng mga patakaran ng Human Resources. Ang mga desisyong may kinalaman sa pagkakapasok sa trabaho, promosyon, sahod, pagkakatanggal sa trabaho at iba pang mga bahagi ng ugnayan sa pagtatrabaho, ay kailangang ibatay sa mga kwalipikasyong may kinalaman sa trabaho.

Hindi nagbabago sa kanyang pangako sa pagpapairal sa isang positibo at may paggalang na lugar na pinagtatrabahuhan, ang Dole ay hinding-hindi nangungunsinte ang anumang uri ng panliligalig.

Pinapanatili ng Dole ang ilang mga patakarang may kaugnayan sa pagpapanatili ng isang positibong lugar ng trabaho at sa mga tungkulin ng mga kawani at ng iba pa sa naturang tungkulin. Dagdag pa rito, talagang pinahahalagahan natin ang integridad ng ating mga tauhan at inaasahang ang bawat isa ay magiging magalang, matapat at makatotohanan sa lahat ng kanilang mga gawain sa trabaho. Ang pagpapaborito at iba pang anyo ng salungat sa interes ay hindi katanggap-tanggap.

Kailangang makipag-ugnayan ng mga kawani sa mga kinatawan ng kanilang lokal na Human Resources para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakarang ito at sa pagpapatupad ng mga ito.

Pagpapanatili ng isang Ligtas at Maayos na Kapaligiran sa Trabaho

Ang Dole ay naninindigan sa pagkakaloob sa mga kawani nito ng isang ligtas at maayos na kapaligiran sa trabaho. Kasama rito ang pagkakaloob ng naaangkop na mga kagamitang pangkaligtasan, pati na ang pagsunod sa mga nararapat na kasanayan sa paggawa o manufacturing at ang pagkakaroon ng mga naaangkop na hakbang para sa kaligtasan at kalinisan. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga naaangkop na batas at alituntunin ukol sa kapaligiran at kaayusan sa pagtatrabaho, ginagawa ng bawat isa sa atin ang ating kritikal na tungkuling tiyakin ang isang ligats na lugar ng trabaho.

Upang maitaguyod ang paninindigan ng Kompanya sa isang ligtas at maayos na lugar ng trabaho, kailangang gawin nating lahat ang ating tungkulin. Nangangahulugan ito na kailangan nating:

- Sundin ang lahat ng mga batas at pamamaraan ukol sa kaligtasan.
- Basahin ang mga nakapaskil na may kaugnayan sa kaligtasan.
- Gamitin ang mga ipinamahaging kagamitang pang-kaligtasan kailan man naaangkop.

Tayong lahat ay dapat na sama-samang kumilos upang mapigilan ang mapapanganib at hindi ligtas na kalagayan sa pagtatrabaho. Kung may masasaksihan o may mababatid na anumang mapanganib na kalagayan o hindi ligtas na asal, kailangang sundin agad ang nararapat na pamamaran para sa kaligtasan at pag-uulat upang mabawasan ang panganib na kayo o ang iba ay masaktan/masugatan.

Walang lugar ang alak at iligal na droga sa isang ligtas na kapaligiran sa trabaho. Ang malalason dahil sa alinman sa mga ito ay negatibong makaka-apekto sa pagganap ninyo sa inyong trabaho at magiging sanhi upang malagay sa alanganin ang inyong kaligtasan. Kailangang magkaroon din kayo ng kaalaman sa mga posibleng dulot ng mga iniresetang gamot. Hindi kayo maaaring humawak, mamahagi, magbenta, gumamit o sumailalim sa impluwensiya ng alak o iligal na droga habang nasa loob ng Dole. May mga bihirang pagkakataong pinapayagan ang limitadong pag-inom ng alak sa mga pagdiriwang na ang Kompanya ang isponsor, tulad ng mga pagtitipon sa piyesta opisyal.

Upang lalo pang matiyak ang isang ligtas na kapaligiran sa trabaho, ang mga hakbang o banta ng karahasan ay hindi pinahihintulutan. Anumang mapagbantang asal, kahit pa ginawa na parang nanloloko lamang, ay agad na tutugunan. Kung kailangan, makipag-ugnayan sa naaangkop na tauhan/kawani para sa seguridad upang harapin ang pangyayari. Maliban na lamang kung kinakailangan sa inyong tungkulin, ang mga sandata ay hindi kailanman pinapayagan sa Dole.

T: Sa loob ng maraming taon, nakapagtrabaho si Claudio sa isa sa mga planta ng produksyon sa Dole. Habang nagtatrabaho, napansin niya na ang mga kasamahan sa trabaho ay hindi sumusunod sa mga nararapat na kasanayan sa paggawa o manufacturing at binanggit niya sa kanila ang bagay na ito. Tama ba ang ginawa ni Claudio?

S: Oo. Bagama't si Claudio ay hindi isang tagapagpanuto, kabahagi pa rin siya ng iba pang mga kawani sa tungkuling magtrabaho nang sama-sama upang maitaguyod ang ating Koda at ang mga patakaran ng Kompanya. Ang hindi pagsunod sa magagandang gawi sa paggawa ay maaaring magdulot ng pagbaba ng kalidad ng produkto para sa ating mga mamimili at pagmulan ng mga alalahanin sa kaligtasan para sa ating mga kapwa kawani. Kailangan ding talakayin ni Claudio ang kanyang nakita sa Tagapagpanuto ng Produksyon at, kung kailangan, iulat ang pangyayari sa sino man sa mga dapat bigyang alam na nakatala sa huling pahina ng Koda.

Pagsunod sa mga Batas na may Kaugnayan sa Pagpapatrabaho sa Bata (Child Labor), Paglaban sa Pang-aalipin (Anti-Slavery) at Paglaban sa Iligal na Pagluluwas ng Tao (Anti-Human Trafficking)

Inaasahan ng Dole ang mga kawani, kasangguni, kontraktor at tagatustos na sumunod sa lahat ng mga batas at alituntuning nagbabawal sa pagpapatrabaho sa bata, sa pang-aalipin o sa iligal na pagluluwas ng tao, sa mga bansa kung saan mayroon tayong pinapangasiwaan. Sa partikular, naninindigan ang Dole sa ganap na pag-aalis ng mga pagkakataong maaaring magkaroon ng pang-aalipin at iligal na pagluluwas ng tao sa supply chain nito, at inaasahan nito na ang lahat ng mga tagatustos ay susunod sa *Supplier Manual* ng Dole. Sa ating Koda, ipinagbabawal na ang Dole ay magsagawa ng negosyo sa sino mang indibidwal o kompanya na sangkot sa pagpapatrabaho sa bata, sa pang-aalipin o sa iligal na pagluluwas ng tao.

Pangangalaga sa Pagka-pribado ng Kawani

Kaugnay ng ating pagtatrabaho sa Dole, kadalasan ay hinihingan tayo ng kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa ating sarili at sa ating Kompanya. Naninindigan ang Dole sa pangangalaga sa impormasyong ito, na maaaring tungkol sa:

- Kasaysayan ng mga pinagtrabahuhan
- Mga numerong pagkakakilanlang ibinigay ng pamahalaan

- Petsa ng kapanganakan
- Impormasyon kung paano makikipag-ugnayan, pati na ang numero ng telepono at address ng tirahan
- Kasal o hindi
- Kasaysayang medikal

Kung may pinanghahawakan kayong pribadong impormasyon dahil sa uri ng inyong trabaho, kailangang magsagawa kayo ng mga natatanging hakbang upang maingatan o mabantayan ang impormasyong ito at gamitin lamang sa hangganang kakailanganin para maisagawa ang trabaho.

Mga Batas Pangkalusugan, Pangkaligtasan at Pangkapaligiran

Patakaran ng Dole na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at alituntunin sa lahat ng panahon saan man tayo ay mayroong pinangangasiwaan, na gagawin ang lahat ng mga praktikal na hakbang upang maisulong ang kaayusan, kaligtasan at pangangalaga ng kapaligiran, at tuloy-tuloy na isulong ang pag-angat tungo sa pagkamit ng mga layunin ng Dole. Sa buong mundo, nangangasiwa ang Dole ng iba't ibang sektor ng ekonomiya - pagsasaka, pagpoproseso ng pagkain, paggawa o manufacturing, pananaliksik, transportasyon (kasama na ang pagbibiyahe sa trak, sa barko at pangangasiwa ng mga pasilidad sa pier), distribusyon at sales. Sa lahat ng mga pinangangasiwaang ito, layunin ng Dole na pigilan ang mga taliwas na dulot sa kalusugan, sa kaligtasan at sa kapaligiran. Layunin din natin na makapagkaloob ng maikukumparang antas ng pangangalaga sa kalusugan, kaligtasan at kapaligiran para sa lahat na tumutulong sa paggawa ng ating mga produkto, at ang lahat ng mga pamayanang apektado ng ating mga pangangasiwa. Pinagsusumikapan ng Dole na makalikha at makagamit ng mga hakbang na pinaka-naaangkop at mainam sa ilalim ng mga lokal na kalagayan upang magkaroon ng malaking pag-angat tungo sa ating mga layunin. Sa mga pagsusumikap na ito, ginagabayan tayo ng pananaliksik sa larangan ng agham at karunungan; mga prinsipyong kaugnay ng pagsusuri sa mga panganib; mga alalahanin ng publiko, pamayanan at kawani; at mga patakarang may kaugnayan sa batas at pamantayan ng U.S., ng European Union at mga samahan sa loob at labas ng bansa tulad ng World Health Organization.

Sa mga pangangasiwa ng Dole sa pagsasaka, gumagamit tayo ng mga nasususstenang kasanayan sa agrikultura at mga pinagsama-samang pamamaraan ng pagharap sa mga peste na gumagamit ng mga bayolohikal at agrikultural na hakbang para sa pagpigil ng mga peste at mga sakit ng halaman kailan man posible. Gumagamit lamang tayo ng mga produktong para sa pangangalaga ng mga tanim kung saan at kailan kailangan, at palaging gamit ang tamang pangangalaga alinsunod sa mga naaangkop na batas. Ang Dole ay hindi gagamit ng anumang produktong ipinagbawal na, dahil sa mga kadahilanang may kaugnayan sa hindi katanggap-tanggap na panganib sa kapaligiran, ayon sa United States Environmental Protection Agency o sa

European Union. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Patakaran sa Proteksyon ng Tanim (Crop Protection Policy)* ng Dole.

Naninindigan ang Dole sa kalidad, kaligtasan, pag-iwas sa polusyon at sa tuloy-tuloy na pagsusulong ng pangangalaga sa kapaligiran.

Supply Chain ng Produkto

Habang ang produkto ay gumagalaw sa supply chain, kailangang mahigpit nating sundin ang mga batas at alituntunin sa bawat bansa na may kinalaman sa produksyon, pagluwas, pag-angkat, distribusyon, pagbili o pagbebenta ng mga produktong agrikultural, kasama na ang, kung saan man angkop, ang Batas ukol sa mga Komoditis na Nabubulok (Perishable Agricultural Commodities Act o "PACA"), ang Batas ukol sa Pagsasamoderno ng Kaligtasan ng Pagkain (Food Safety Modernization Act o "FSMA") sa U.S., ang mga pamantayan ng CODEX MRL sa loob at labas ng bansa at ang mga Direktiba at Alituntunin sa EU-27 ukol sa kaligtasan ng pagkain.

Mga Batas sa Antitrust/Kumpetisyon

Masigasig na nakikipagkumpetisyon sa merkado ang Dole, pero pinaninindigan nito ang pagsasagawa sa isang pamamaraang patas, tapat, etikal at naaayon sa batas. Inaasahang ang mga kawani at mga direktor ay magsasagawa ng kanilang mga gawain sa pangalan ng Dole sa isang pamamaraang naaangkop sa mga batas ukol sa antitrust at kumpetisyon. Ang mga batas ukol sa antitrust at kumpetisyon ay dinisenyo upang mahikayat at mapangalagaan ang malaya at patas na kumpetisyon. Ang mga batas na ito ay umiiral sa U.S. at sa iba pang mga bansa kung saan may pinangangasiwaan ang Dole at angkop sa mga ugnayan ng Dole sa mga kalaban sa kumpetisyon, sa mga mamimili at sa mga tagatustos. Sa pangkalahatan, ang mga batas ukol sa antitrust at kumpetisyon ay nagbabawal ng mga gawing kabilang na ang:

(1) Mga kasunduan o pag-aasikaso sa pagitan ng mga kalaban sa kumpetisyon na nag-aalis o nagbabawal sa pakikipagkumpetisyon nila sa isa't isa, tulad ng pagtatakda ng presyo (price fixing), pag-rig sa bidding (bid rigging), mga pagbabahagi sa mga mamimili o mga nasasakupan o mga kasunduang hindi pakikitunguhan ang mga taga-ikatlong partido;

(2) Iba pang mga gawain, tulad ng piling pakikitungo (exclusive dealing), diskriminasyon sa presyo (price discrimination), pag-tie-up o "tying" (pagkokondisiyon ng bentahan ng isang produkto sa pagbili o pagbebenta ng isa pang produkto), o pagpapanatili ng presyo sa muling pagbebenta (pagkokondisyon ng pagbebenta ng isang produkto sa kasunduan sa bumibili na makuha ang pinakamababang presyo sa muling pagbebenta), sa mga kaganapan kung saan ang mga gawaing ito ay hindi makatuwirang dulot sa kumpetisyon; at

(3) Pagmamaliit o maling pagkakatawan sa mga produkto ng kalaban sa kumpetisyon at pagnanakaw ng mga lihim sa kalakal.

Ang paglabag sa mga batas ukol sa antitrust o kumpetisyon, o pati na ang alegasyon ng paglabag sa mga batas ukol sa antitrust o kumpetisyon, ay maaaring pagmulan ng napakalaking pinsala sa reputasyon ng Dole at maaaring magdulot sa paggastos ng napakalalaking halaga ng pera sa mga multa at sa litigasyon. Dagdag pa rito, sa ilang mga bansa, tulad ng U.S., pinananagot para makulong ang mga indibidwal na lumalabag sa ilan sa kanilang mga batas ukol sa antitrust o kumpetisyon. Upang maiwasan ang mga kaganapang maaaring pagmulan ng mga pag-aakalang may nangyayaring paglabag o resulta ng isang alegasyon sa isang paglabag sa mga batas ukol sa antitrust o kumpetisyon, paiiralin ang mga sumusunod na patakaran:

(1) Walang kawani o direktor na papasok sa anumang unawaan, kasunduan, plano o panukala kung saan ang kawani ay magkakaroon ng dahilan para maniwala, o payuhan ng tagapayo ng Dole na iyon ay labag sa batas sa ilalim ng anumang batas ukol sa antitrust o sa kumpetisyon;

(2) Walang kawani o direktor na makikipagpalitan o makikipagtalakayan sa kahit na sinong kalaban sa kumpetisyon ng impormasyon na may kaugnayan sa mga presyo o patakaran ng Dole sa pagpepresyo, dami o volume, mga halaga, mga patakaran sa distribusyon, pag-uuri o pagpili ng mamimili o tagatustos, mga patakaran ukol sa pagpapautang o iba pang mga katulad na impormasyon na may kinalaman sa kumpetisyon:

(3) Maliban na lamang kung una nang naaprubahan ng General Counsel ng Dole alinsunod sa isang tukoy na eksepsyon ng batas, walang kawani o direktor ang sasadyaing sumali sa anumang pormal o hindi pormal na pagpupulong sa mga taga-ikatlong partido kung saan ang mga kasunduan o unawaan ng uring inilarawan sa talata ay (1) ginagawa o kung saan ang impormasyon ng uri na inilarawan sa talata (2) ay ipinagpapalitan o tinatalakay; at

(4) Ang mga kawani at mga direktor ay kailangang kumilos upang linawin sa lahat ng mga tagatustos na inaasahan ng Dole na sila ay nakikipagkumpetisyon nang patas at may sigasig para sa mga negosyo ng Dole, at ang Dole naman ay pipili ng mga tagatustos nito batay lamang sa merito.

Pangangalap ng Impormasyon tungkol sa Kumpetisyon nang Naaayon sa Etika at sa Batas

Ang pagiging palaging may kaalaman sa mga pinakahuling impormasyon tungkol sa mga kalaban natin sa kumpetisyon at sa merkado ay makakatulong

upang tayo ay makipagkumpetisyon nang mainam. Gayunpaman, kailangang mangalap lamang tayo ng impormasyon tungkol sa kumpetisyon sa isang pamamaraang etikal at naaayon sa batas. Dahil dito, hindi tayo kahit kailan dapat na kumuha ng impormasyon tungkol sa mga kalaban natin sa kumpetisyon gamit ang:

- Pagnanakaw
- Pandaraya
- Maling Pagkakatawan
- At iba pang mga uri ng kasinungalingan

Lalong mahalaga na hindi natin dapat kahit kailan hingin sa mga kawani na suwayin ang mga kasunduan nila sa pagkakumpidensiyal sa mga dating pinagtatrabahuhan, at hindi rin tayo dapat mangalap ng mga maseselang impormasyong hindi pampubliko na nanggaling sa isang kalaban sa kumpetisyon.

Paglahok sa mga Kapisanan sa Kalakal

Bagama't sa pangkalahatan ay iniiwasan natin ang makipag-ugnayan sa mga kalaban natin sa kumpetisyon, maaaring may mga pagkakataong ang ilang pakikitungo sa kanila ay katanggap-tanggap. Ang mga kapisanan sa kalakal ay isang halimbawa. Ang mga ganitong kapisanan ay nagkakaloob ng magandang pagkakataon para tayo ay makapag-network at lalo pang palaguin ang ating negosyo. Gayunpaman, ang mga ganitong kaganapan ay maaaring pagmulan ng mga hamon. Kapag dumadalo sa mga pagpupulong ng mga kapisanan sa kalakal, kailangang maging maingat upang maiwasang magmukhang may nangyayaring labag sa batas na kasanayang pangnegosyo. Maging napakaingat kapag nakikitungo sa mga kalaban sa kumpetisyon sa ganitong mga kaganapan. Kailangang ihinto agad ang pakikipag-usap sa kanila kung ang kalaban sa kumpetisyon ay magtatangkang talakayin ang alinman sa mga sumusunod:

- Mga Presyo
- Mga Diskwento
- Dami/Kapasidad
- Mga Pagboykot
- Mga Tuntunin at Kalagayan ng Bilihan
- Mga Ispesipikasyon ng Produkto
- Anumang iba pang paksa na magpapahiwatig ng pakikipagtulungan o pakikipag-ugnayan sa isang kalaban sa kumpetisyon o dinisenyo upang makakuha ng maselang impormasyong hindi pampubliko at may kaugnayan sa kumpetisyon

Kung kakailanganin, lisanin ang pagpupulong. Pagkatapos, iulat ang pangyayari ayon sa pangangailangan.

T: Nagtatanghalian si Dominick kasama ang kanyang kaibigang si Joe, na nagkataong nagtatrabaho sa isang kalaban ng Dole sa kumpetisyon. Habang nagtatanghalian, nagpahiwatig si Joe na kung magagawan ng paraan ni Dominick na ang Dole ay sumingil nang mas mahal para sa isang partikular na produkto, titiyakin niyang ang kanyang kompanya ay maniningil din ng katulad na presyo para sa isang katulad na produkto. Paano tutugon dito si Dominick?

S: Kailangang sabihin ni Dominick sa kanyang kaibigan na hindi iyon isang naaangkop na talakayan sa negosyo, magalang na lisanin ang kanilang pagkain at agad na iulat ang usapan sa kanyang tagapagpanuto o sa kanyang lokal na Legal Department. Ang pagtatakda ng presyo o price fixing ay labag sa mga batas ukol sa antitrust at kumpetisyon at maaaring magbunga ng matitinding parusa sa parehong indibidwal na sangkot dito at sa Kompanya. Kung gayun, anumang talakayang katulad nito ay kailangang iwasan.

Mga Batas ukol sa Embargo at sa Paglaban sa Terorista

Ipinagbabawal ng mga batas ng U.S. ang ilang mga transaksyon (at pagpapadali ng mga transaksyon) sa mga bansa, entidad (kasama ang pero hindi limitado sa mga bangko) at mga tao na kinikilala ng U.S. na tumatangkilik sa terorismo o iba pang mga paglabag sa karapatang pantao. Huwag sasali sa anumang ipinagbabawal na transaksyon. Kailangang Makipag-ugnayan ng Corporate Legal Department ng Dole bago pumasok ang kompanya sa isang transaksyon, o upang padaliin ang isang transaksyon, na maaaring ipinagbabawal sa ilalim ng mga naturang batas ng U.S. o nangangailangan ng paunang pagpapatibay mula sa isang sangay ng Pamahalaan ng U.S.

Ipinagbabawal din sa batas ng U.S. ang mga hakbang na maaaring ipalagay na tumatangkilik sa mga samahang pinangalanan ng U.S. na mga teroristang kapisanan. Sino mang tao o entidad na sasali sa mga naturang hakbang ay maaaring ituring na teroristang samahan, at kung gayun, ipinagbabawal na ang Dole ay makitungo sa naturang tao o entidad. Sa pinakamababa, ang pagbibigay ng anumang halaga ng pera o produkto at mga serbisyo sa isang samahan ng terorista ay labag sa batas at mahigpit na ipinagbabawal. Ipinagbabawal ng Kodang ito ang anumang naturang hakbang o pakikitungo ng Dole at ng mga kawani at mga direktor nito.

Para sa karagdagang impormasyon sumangguni sa manwal ukol sa Pagsasagawa *ng Negosyo sa mga Banyagang Bansa (Manual on Conducting Business in Foreign Countries) ng Dole.*

T:Tumanggap si Nanda ng isang malaking order mula sa isang mamimili sa Honduras. Bago tapusin ang order, ibinahagi ng mamimili kay Nanda ang balak nitong dalhin ang ilan sa mga produkto ng Dole sa isa sa pinakamalaki nitong kaugnayan sa Iran (isang bansang nasa ilalim ng mga sangksyon ng Office of Foreign Assets Control ng U.S. Treasury Department). Hindi ito masyadong pinansin ni Nanda at inisip niya na maaaring gawin ng mga mamimili ang anumang gusto nilang gawin sa mga produkto ng Dole. Tama ba si Nanda?

S:Hindi. Ang mamimili ni Nanda ay nagtatangkang lagpasan ang mga alituntunin sa pagluwas ng mga produkto sa pamamagitan ng kanyang bansa papunta sa isang may naka-embargo o ipinagbabawal na lokasyon nang walang naaangkop na lisensiya mula sa Pamahalaan ng U.S. Kilala itong “re-exporting,” o paglilipat ng mga nailuwas na produkto mula sa orihinal na tumanggap papunta sa iba pang kliyente. Sapagkat alam ni Nanda ang balak ng mamimili, hindi niya maaaring tapusin ang transaksyon. Sa halip, kailangang gumawa ng hakbang si Nanda upang mapigilan o maiwasto ang transaksyon at kailangang talakayin niya ang bagay na ito sa kanyang tagapagpanuto. Kung kailangan, iulat ang pangyayari sa sino mang dapat bigyang alam na nakatala sa huling pahina ng Koda.

Anti-Boycott

Ang Dole ay hindi diretso o diretsong papapsok sa anumang gawaing maaaring magkaroon ng dulot sa pagsusulong ng isang boycott o isang ipinagbabawal na kalakal na itinaguyod ng isang banyagang bansa laban sa mga mamimili o tagatustos na nasa isang bansang kaibigan ng U.S., o laban sa isang mamamayan, kompanya o korporasyon ng U.S. Sapagkat hinihingi sa batas ng U.S. na ang isang kahilingang sumali sa naturang gawain ay kailangang iulat kaagad sa pamahalaan ng U.S., kailangang hingin agad ang payo ng Corporate Legal Department bago ang anumang hakbang pagkatanggap ng naturang kahilingan.

Mga Bayad o Regalo sa mga Opisyal o Kawani ng Pamahalaan

Walang kawani o direktor ang diretso o hindi diretsong magbibigay, mag-aalok o mangangako ng anumang anyo ng suhol, pasasalamat o kickback sa opisyal ng pamahalaan o kawani ng United States federal, ng estado o ng lokal na pamahalaan.

Ang pagbibigay ng regalo sa o paglilibang kasama ang mga opisyal ng pamahalaan ay mahigpit na pinamamahalaan at kadalasan ay ipinagbabawal. Matindi ang parusa para sa mga ganitong paglabag, para sa kompanya at sa indibidwal. Dahil dito, ang mga kawani at direktor ng Dole ay hindi dapat pumasok sa anumang pagbibigay ng regalo maliban na lamang kung pinagtibay ng Corporate Legal Department at ng Divisional Senior Management para sa naaangkop na yunit ng negosyo.

Walang kawani o direktor ang diretso o hindi diretsong magbabayad, magbibigay o mag-aalok ng pera o anumang may halaga sa sino mang opisyal ng pamahalaan, kawani o kinatawan, o sa alinmang pangkat pampulitika o kandidato para sa o kasalukuyang naninilbihan sa anumang tanggapang pulitikal sa pagkuha ng mga permit o iba pang mga awtorisasyon ng pamahalaan, o sa pagpapanatili o pagsusulong ng negosyo.

Ang mga Suhol, Kickback at Pagpapadali ng Bayad ay Hindi Pinahihintulutan sa Dole

Walang kawani o direktor ang diretso o hindi diretsong magbibigay, mag-aalok o mangangako ng anumang anyo ng suhol, pasasalamat o kickbak sa sino mang banyaga o opisyal ng pamahalaan ng U.S, kawani, vendor, tagatustos, kandidato sa pulitika o sino mang iba pang indibidwal. Saan man tayo naroroon, pinaiiral ng Dole ang patakarang zero-tolerance o walang sino mang sasantuhin sa ano mang anyo ng panunuhol o kickback. May “panunuhol” kung mayroong ano mang bagay na may halaga ang ibinigay, alin man ang sa atin o mula sa atin, na may balak maimpluwensiyahan ang isang hakbang o desisyon sa negosyo. Ang isang “kickback,” naman ay isang bayad para sa pagsasaalang-alang ng isang lagay para padaliin ang isang kasunduan sa negosyo. Parehong ipinagbabawal ang mga ito.

Palaging ilagay sa isip na sa ilang mga bansa—tulad ng China—kasama sa mga pampublikong opisyal ang mga kawani ng mga kompanyang pag-aari ng estado. Hindi tayo makakagawa, makakapangako, makakapag-alok o makakapagpahintulot ng anumang hindi naaangkop na bayad sa isang opisyal ng publiko kung ang layunin o balak ay makinabang sa negosyo. Kabilang sa “hindi naaangkop na bayad” ang anumang regalong pera o anumang may halaga, pati na ang mga labag sa batas o hindi naaangkop na paglalakad o inducement.

Sa ilang mga bansa, ang mga hindi kalakihan at hindi naman nailathalang mga pasasalamat o "pagpapadali ng bayad" na ginagamit para pabilisin ang mga nakagawiang takbo ng proseso sa pamahalaan ay kustomaryo o pangkaraniwan. Ang totoo nito, maaaring ang mga iyon ay pinahihintulutan ng batas sa ibang bansa. Gayunpaman, hindi pinapayagan ng Dole ang mga ganitong uri ng bayad at ang mga ito ay labag sa batas sa ilalim ng Batas ng U.K ukol sa Panunuhol (U.K. Bribery Act). Kung sakaling maharap kayo sa isang pangyayari at may mga

tanong tungkol sa kung paano ninyo haharapin iyon, kailangang makipag-ugnayan sa Corporate Legal Department *bago* gumawa ng anumang hakbang.

Mga Batas Laban sa Katiwalian

Pinaninindigan natin ang pagsunod sa lahat ng mga batas laban sa katiwalian — pati na sa U.S. Foreign Corrupt Practices Act ("FCPA") at sa UK Bribery Act—na angkop sa pinangangasiwaan ng Dole sa buong mundo. Matitindi ang parusa ng batas sa mga paglabag, sa mga kompanya at sa mga indibidwal.

Tandaan, ang mga batas laban sa katiwalian ay masalimuot, at matindi ang parusa sa paglabag sa mga batas na ito. Kung mayroon kayong anumang duda kung ang hakbang na pinag-iisipan ninyong gawin ay ayon sa batas, sumangguni sa Corporate Legal Department ng Dole bago magpatuloy. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Foreign Corrupt Practices Act Compliance Manual* ng Dole.

T:Hawak ni Irina ang mga gawaing may kinalaman sa pagpapalawak na pang--rehiyon sa Africa, at pinupuntirya niya ang mabilis na pagtatayo ng isang bagong pasilidad. Isang lokal na opisyal ang nagsabi kay Irina na mapapabilis ang proseso ng permit kung "maglalagay" siya ng halagang $5,000. Hindi makakita si Irina ng isang nakalathalang nakatakdang petsa ng bayad para sa pagpapabilis ng proseso sa rehiyong ito. Dapat bang magbayad si Irina para sa pagpapabilis ng proseso?

S:Hindi. HIndi dapat magbayad ng kahit na ano si Irina sa pangalan ng Dole. Ang mga bayad sa isang indibidwal sa labas ng anumang nakalathalang nakatakdang petsa ng pinahihintulutang bayad ay maaaring—at kadalasan ay—itinuturing na suhol kung titingnan ng mga taga-labas na taga-siyasat. Maging ang mukhang isang suhol lamang ay isang paglabag sa ating Koda. Kailangang hintayin ni Irina ang naturang haba ng panahon para matanggap ang mga permit o magbayad lamang ng nakalathalang singil para sa pagpapadali ng pagpoproseso.

Pandaraya

Ang lahat ng anyo ng pandaraya ay mahigpit na ipinagbabawal sa mga kawani ng Dole at sa mga direktor. Kabilang dito, nang walang limitasyon, ang lahat ng mga pandaraya laban sa Dole, laban sa mga kawani ng Dole, at laban sa lahat ng mga entidad kung kanino nakikipagnegosyo ang Dole. Kung gayun, ang pandaraya ay may mas malawak na kahulugan kaysa sa paglulustay ng mga ari-arian ng Dole. Lahat ng mga alegasyon

ng pandaraya ng mga kawani ng Dole o ng mga direktor ay sisiyasatin ng Internal Audit Department ng Dole, kasama ang Legal Department ng Dole kung kailangan. Ang mga kawani ng Dole o ang mga direktor na matutuklasang nandaya ay sasailalim sa hakbang na pang-disiplina, na aabot sa at kasama na ang pagkatanggal sa trabaho o paglilingkod bilang isang direktor, pati na ang posibleng prosekyusyon sa ilalim ng batas sibil at kriminal. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Accounting Policies and Procedures* ng Dole at ang *Audit Committee Procedures for Handling Accounting and Auditing Complaints and Concerns* ng Dole.

Paggamit sa mga Ari-arian ng Dole

Ang mga ari-arian ng Dole ay mahahalagang yamang dapat gamitin para sa mga layunin ng negosyo. Ang pagnanakaw, kawalan ng pag-iingat at pagsasayang ay may diretsong dulot sa kalagayan ng pananalapi sa Dole. Kailangang pangalagaan ng mga indibidwal ang, at gamitin nang matino ang, mga ari-arian ng Dole, at pangalagaan ang mga ito sa pagnanakaw, maling paggamit at pagkasira.

Ang mga ari-arian ng Dole ay inilaan para sa trabaho at hindi para sa pansariling paggamit, at kailangang isalugar para sa mga gawaing may kaugnayan sa trabaho. Kasama sa mga ari-arian ng Dole ang oras, trabaho at produkto ng trabaho ng isang kawani, pati na ang mga kagamitan o equipment at mga sasakyan, computer at software, impormasyon at tatak kalakal at mga pangalan sa kalakal. Kasama rin sa mga ari-arian ng Dole ang impormasyon at teknolohiyang kaugnay ng komunikasyon tulad ng serbisyo ng telepono, email, akses sa internet, at lahat ng mga datos na nasa loob ng mga ari-ariang pang-teknolohiya ng Dole.

Kailangan ang isang maingat at matalinong paghuhusga sa paggamit, proteksyon at pagpapanatili ng mga ari-arian ng Dole. Ang mga ari-arian ng Dole na nasa pangangalaga ng mga kawani at direktor ay kailangang harapin nang may sapat na pag-iingat at dapat na ibalik sa Dole kapag hiningi. Ang mga ari-ariang pang-teknolohiya ng Dole ay kailangang gamitin ayon sa kani-kanilang *Information Technology Policy*.

Kinikilala ng Dole ang pangangailangan para sa pana-panahong paggamit ng ilang mga partikular na ari-ariang pang-komunikasyon, tulad ng pansariling tawag o komunikasyon sa pamamagitan ng email. Gayunpaman, ang paggamit ng mga ari-ariang pang-komunikasyon para sa pansariling layunin ay kailangang limitahan sa kinakailangan lamang na komunikasyon at hindi kahit kailan dapat gamitin para makapagpahayag ng nilalamang hindi angkop sa lugar ng trabaho, tulad ng mga sekswal na usapin, malalaswang biro, at ba pa. Ang sobrang paggamit ng mga ari-ariang pang-komunikasyon o ang hindi pinahihintulutang paggamit ng mga ari-ariang hindi pang-komunikasyon para sa mga pansariling layunin ay ituturing na maling paggamit ng mga ari-arian ng Dole at kung gayun, ay isang paglabag sa Kodang ito. Ang mga ari-arian ng Dole ay hindi dapat gamitin kahit kailan sa mga gawaing labas sa negosyo o para sa

iligal, hindi etikal o anumang hindi naaangkop na gawain. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Information Technology Policy* ng Dole.

Salungat sa Interes

Ang mga pangyayaring pansarili at pang-negosyo na maaaring magbunga ng salungat sa interes ay dapat na iwasan. Maaaring magkaroon ng salungat sa interes kung ang isang kawani o direktor ay masasangkot sa isang gawain na, o may pansariling interes na maaaring makadulot sa pagiging objective ng naturang tao sa pagsasagawa ng mga tungkulin niya sa Dole. Ang mga transaksyon ng Dole sa iba pang mga entidad sa negosyo ay hindi dapat ma-impluwensiyahan ng mga pansariling interes o gawain ng mga kawani o direktor nito. Ang mga naturang salungatan ay maaaring magmukhang parang pagpapaborito lamang o kung hindi man ay makakasama sa reputasyon ng Dole at sa mga kinatawan nito. Kasama sa mga naturang gawain ang pagkakaroon ng pinansiyal na interes sa isang negosyo, iyon ay sa tagatustos, mamimili, kasosyo, sub-contractor o iba pang mga tao o kompanya na nakikipagnegosyo sa Dole, o sa isang kalaban ng Dole sa kumpetisyon, o ang mapasok sa trabaho dahil sa isang direktor o isang nasa posisyong direktor kasama ang sino mang tao, kompanya o kalaban sa kompetisyon; maliban doon sa kung ang hawak ay hindi na lalampas pa sa 5% ng sosyo sa mga stock na ikinakalakal sa publiko, maliban na lamang kung ang mga naturang bahagi o sosyo ay pinanghahawakan para sa mga layuning kaugnay ng pamumuhunan o investment.

Kailangang pakitunguhan ng lahat ng mga kawani at direktor ang lahat ng mga tagatustos, mamimili at iba pang mga tao na nakikipagnegosyo sa Dole, sa isang patas na paraang walang kinikilingan dahil sa mga pinansiyal na pagsasaalang-alang. Hindi kayo dapat pumasok sa isang posibleng pagkakataon sa negosyo kung saan makatuwiran naman ninyong aasahang may pansariling interes ang Dole dito, o nadiskubre sa pamamagitan ng ari-arian o impormasyon ng Dole o dahil sa posisyon ninyo sa Dole.

Hindi kailangang magkaroon ng ganap na salungat sa interes para masabing may paglabag sa Kodang ito. Ang mga gawaing lilikha ng isang pangyayring magmumukhang isang salungat sa interes ay kailangan ding iwasan upang hindi masalaminan ng negatibong dulot sa reputasyon ng Dole at sa mga kinatawan nito. Maging ang isang pangyayari na magmumukhang wala talagang kaangkupan ay makakamantsa sa ating reputasyon sa patas na pakikitungo sa iba.

Gayun din, ang mga kawani at direktor ay dapat na magsiwalat agad ng anumang pangyayari na maaaring magbunga ng isang salungat sa interes, sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraan ng pag-uulat na inilarawan sa Kodang ito. Kapag napagsabihan na ng isang posibleng salungat sa interes, ang Divisional Senior Management ng kawani (o ang Audit Committee kung ang sangkot ay isang direktor o tinaguriang opisyal) ay kailangang mabilis na magsisiyasat ng isang posibleng

salungat sa interes, kilalanin kung ang pagkakaroon ba ng naturang interes o posisyon ay salungat sa Kodang ito o kung hindi man ay makakasama sa painakamagagandang interes ng Dole, at kilalanin ang pinakahuling disposisyon sa pangyayari (alinman ng payagan o tanggihan ang naturang pangyayari). Makipag-ugnayan sa seksyon ng DIVISIONAL SENIOR MANAGEMENT ng Koda na ito . Kung papayagan, ang pangyayaring ito ay kailangang ayusin para ang mangyari lamang ay ang mga transaksyong abot-kamay at kailangang pormal na mapagtibay sa isang kasulatan ng Divisional Senior Management ng kawani (o ang Audit Committee kung ang sangkot ay isang direktor o ehekutibong opisyal). Lahat ng mga pagsisiyasat, pagkakakilanlan, at mga disposisyon ay kailangang maitala at maitago sa Dole Corporate o sa pangunahing dibisyon ng Dole para sa mga pinangangasiwaan (alin man ang nararapat), pati na rin sa takda ng kinauukulang kawani o direktor. Kung may anumang salungat na hindi mapagtibay sa ganitong paraan, ang salungat ay ituturing na isang paglabag at kailangang iulat alinsunod sa Kodang ito.

Anumang salungat sa interes na nagpapatuloy, napagtibay man noon o hindi, ay kailangang isiwalat at balik-aralan taun-taon.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Related Person Transaction Policies and Procedures* ng Dole at sa *Audit Committee Guidelines for Dole Relationships with Related Persons in Ongoing Interested Transactions*.

T: Ang bayaw ni Rosa ay nagmamay-ari at nagpapatakbo ng isang taniman ng saging na gustong makipagnegosyo sa Dole. Sa palagay ni Rosa ay makakabuti ito sa lahat. Pinapunta ni Rosa ang kanyang bayaw sa kanyang tagapamahala nang hindi sinasabi ang tungkol sa kaugnayan niya rito. Mainam ba ito?

S: Hindi. Lumilikha si Rosa ng isang pangyayaring maaaring maging isang salungat sa interes sa pagtatangka na mapabilis ang isang ugnayan sa negosyo sa pagitan ng Dole at isang miyembro ng pamilya. Kailangang sabihin ni Rosa sa kanyang tagapamahala ang kaugnayan niya upang mabigyan siya ng gabay sa kung ano ang pinakamagandang hakbang at maisiwalat ang posibleng salungat sa interes sa Divisional Senior Management. Makipag-ugnayan sa seksyon para sa DIVISIONAL SENIOR MANAGEMENT ng Koda na ito.

Mga Regalo at Libangan

Ang mga isinagawang hakbang sa pangalan ng Dole ay dapat na maging malaya sa anumang bagay na magpapahiwatig na humihingi ng o may tinanggap na kabutihang-loob sa mga indibidwal o mga samahang nakikipagnegosyo o nagtatangkang magkaroon ng negosyo sa Dole. Ang mga desisyon natin sa negosyo ay dapat na ibatay

sa merito at sa mga layunin ng Dole. Walang desisyon sa negosyo ang dapat na ibatay sa anumang pakikinabangang pera para sa isang tao o iba pang pakinabang sa (nakaraan, kasalukuyan o hinaharap) ng sino mang kawani ng Dole o mga direktor. Kung gayun, hindi natin pinapayagan ang mga kawani o mga direktor na humingi o tumanggap, o magkaloob o magbigay, ng anumang mga regalo, bayad, singil, utang, paglilingkod o magkahalingtulad na bagay mula sa o para sa sino mang tao, kompanya o entidad ng pamahalaan bilang kalagayan o dulot ng pakikpagnegosyo sa Dole. Isang natatanging mahigpit na pamantayan ang ipatutupad para sa mga tagatustos.

Hindi kahit kailan papayagan ang magbigay o tumanggap ng regalong pera o anumang may katumbas na halaga ng pera (halimbawa, ari-arian, sosyo sa stocks, o iba pang anyo ng maibebentang instrumento o interes) sa anumang halaga. Hangga't ang mga ipinagbabawal na binanggit sa itaas ay hindi nilalabag ng mga indibidwal o samahang nakikipagnegosyo sa o nagtatangkang makipagnegosyo sa Dole:

(1) Sa ilang mga pagkakataon, ang mga regalo ay maaaring angkop, at, kung gayun, sa ating patakaran ay hindi pinipigilan ang mga kawani o mga direktor na tumatanggap ng regalong may halaga basta hindi ito malimit mangyari o masyadong malaki ang bilang.

(2) Maaaring tumanggap ang mga kawani at mga direktor ng mga karaniwang paglabas-labas (tulad ng paminsan-minsang pagkain sa labas at paglilibang sa pampalakasan at mga pagtatanghal), pero hanggang doon lamang sa limitasyong kadalasan ay maiuugnay sa mga katanggap-tanggap na kasanayang pangnegosyo.

(3) Ang Divisional Senior Management ng isang kawani (o ang Audit Committee kung ang sangkot ay isang direktor o isang ehekutibong opisyal) ay maaaring magsabi na ang isang paglilibang o regalo mula sa isang tagatustos ay hindi isang kalagayan o dulot ng pakikipagnegosyo sa Dole sa pamamagitan nang pormal na pagtatakda sa naturang pagkakakilanlan sa isang kasulatan, at kung gayun ay pinapayagan ang naturang regalo o paglilibang kung ang kawani ay walang nakuhang diretsong pakinabang na pera mula doon.

(4) Ang maliliit na gastos mula sa mga regalo at paglilibang mula sa ating mga kawani at mga direktor ay maaaring gawain kung ang gastos ay maayos na napahintulutan ng Divisional Senior Management ng kawani (o ang Audit Committee kung ang sangkot ay isang direktor o isang tinaguriang opisyal) at wasto ang pagkakatala sa mga libro ng entidad na nagbayad. Makipag-ugnayan sa seksyon para sa DIVISIONAL SENIOR MANAGEMENT ng Koda na ito. Dagdag pa rito, walang mga regalo, kabutihang-loob o paglilibang ang maaaring ibigay sa iba na Dole ang gagastos maliban na lamang kung ang mga iyon ay makakatupad sa mga sumusunod na kondisyon:

   a. Ang mga iyon ay hindi laban sa mga naaangkop na batas at sa mga "generally accepted ethical standards" o mga etikal na pamantayang tinatanggap sa pangkalahatan.

b. Ang mga iyon ay naaayon sa mga katanggap-tangap na kasanayang pangnegosyo.
c. Ang mga iyon ay nasa sapat na limitadong halaga at nasa anyo na hindi mapagkakamalang isang suhol o "payoff".

(5) Ang mga kawani at direktor ng Dole ay hindi rin pinapayagang magregalo nang higit pa sa isang maliit na halaga gamit ang sarili nilang pera.

Gayunpaman, walang regalo, kabutihang-loob, o paglilibang na ibinigay o tinanggap ang maaaring nasa naturang katangian at kaganapan kung saan ang pagsisiwalat nito sa publiko ay maaaring maging dahilan upang mapahiya ang Dole o ang mga tao sa Dole.

Mahigpit na ipinagbabawal ang regalong pera o anumang katumbas ng pera, pati na ang anumang bayad sa anumang uri, sa sino mang opisyal o kawani ng pamahalaan, maliban na lamang kung pinayagan sa ilalim ng mga patakaran ng Dole ukol sa pamamahaging pampulitika at sa *Foreign Corrupt Practices Act Compliance Manual* ng Dole. Kung tungkol naman sa mga regalo at paglilibang kasama ang mga opisyal o kawani ng pamahalaan, sumangguni din sa bahagi ng Kodang ito na ukol sa MGA BAYAD O REGALO PARA SA MGA KAWANI O OPISYAL NG PAMAHALAAN (PAYMENTS OR GIFTS TO GOVERNMENT OFFICIALS OR EMPLOYEES) at sa MGA PAMAMAHAGING PAMPULITIKA (POLITICAL CONTRIBUTIONS) sa Dole.

Mga Pamamahaging Pampulitika

Ang mga pamamahaging pampulitika ay mahigpit na pinamamahalaan. Kung gayun, ang mga pamamahaging pampulitika ay hindi ibinibigay ng o sa pangalan ng Dole maliban na lamang kung ang nabahagi ay una nang napagtibay ng Corporate Legal Department at ng Divisional Senior Management para sa naaangkop na yunit ng negosyo. Angkop ito para sa mga pamamahaging hindi pera (halimbawa, payagan ang isang kandidatong gamitin ang mga pasilidad o resources ng Dole) pati na ang mga napamahaging pera. Ang mga indibidwal ay malayang makakasali sa prosesong pulitikal, pero ang mga indibidwal ay hindi maaaring makagawa nito sa isang pamamaraang makakahadlang sa mga tungkulin niya sa Dole, sa isang pamamaraang makakalikha ng tatak na siya ay nagsasalita o kumikilos para sa Dole o nagpapahiwatig na ang Dole ang tumatangkilik sa mga gawain ng naturang tao.

T: Tumanggap si Jorge ng isang kahilingan mula sa lokal na Ministro ng Agrikultura para sa maipamamahagi mula sa Kompanya para sa darating na kampanya para sa muli niyang pagtakbo sa eleksyon. Ano ang dapat gawin ni Jorge?

S: Kailangang ipaliwanag ni Jorge sa Ministro ng Agrikultura na lahat ng mga pamamahaging pampulitika ay kailangang mapagtibay muna ng Divisional

Senior Management at ng Corporate Legal Department at isusumite niya ang kahilingan sa Ministro kung ito ba ay napagtibay o hindi.

Insider Trading sa Mahahalagang Papeles

Ang mga batas ng U.S. ukol sa pederal na mahahalagang papeles ay ipinagbabawal ng insider trading—halimbawa, pagbili o pagbebenta ng mahahalagang papeles ng isang kompanya sa isang panahon kung kailan ang naturang tao ay may "materyal na impormasyong hindi pampubliko" tungkol sa kompanya o sa merkado para sa mahahalagang papeles ng kompanya. Ang "materyal na impormasyong hindi pampubliko" ay impormasyong maaaring isaalang-alang ng isang makatuwirang namumuhunan na mahalaga sa pagdedesisyon ukol sa puhunan sa pagbili, paghawak o pagbebenta ng mga sosyo o bonds ng isang kumpanya. Kabilang sa mga tukoy na halimbawa ng materyal na impormasyong hindi pampubliko ang taunan at kada-tatlong buwang kita o bayad sa dibidendo, mga mahahalagang nakuha (acquisitions) o ibenenta (divestitures) mga panukalang tender offer o stock splits at mga pagbabago sa senior management. Ang mga impormasyon tungkol sa mga pangunahing bagong produkto, planong pagpapalawak o mga mahahalagang litigasyon o kaso ay maaari ring isama sa halang ng materyal na impormasyong hindi pampubliko.

Lahat ng mga kawani, direktor at mga taga-ikatlong partido ay hindi dapat magkalakal o tumangkilik na bilihin o ibenta ang mga security ng anumang korporasyon na nakuhanan nila ng materyal na impormasyong hindi pampubliko bilang dulot ng pagtatrabaho nila sa Dole.

Sa loob ng Dole, ang mga kawani at direktor ay dapat lamang mag-usap ng tungkol sa materyal na impormasyong hindi pampubliko kapag kailangang-kailangan ito para sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin. Dagdag pa rito, ang mga materyal na hindi pampublikong impormasyon tungkol sa Dole ay hindi dapat sabihin sa iba.

Kung ang mga kawani at direktor ay hindi nakakatiyak sa mga hindi maaaring gawin sa mga pagbili o pagbebenta ng mahahalagang papeles ng anumang kompanya kung saan ang kawani o direktor ay pamilyar dahil sa kaugnayan niya sa Dole, ang naturang kawani o direktor ay dapat na sumangguni sa General Counsel ng Dole. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Insider Trading Policy* ng Dole.

T: Gustong tulungan ni Vera ang kanyang ama sa bumabagsak nitong portfolio ng mga sosyo. Nagtatrabaho si Vera sa Dole at may nalalamang kumpidensiyal tungkol sa kompanya para sa isang bagong produkto na inilulunsad na kaugnay sa ibang kumpanya na tiyak na mag-aangat sa presyo ng mga stockng kumpanya. Maaari bang sabihin ni Vera sa kanyang ama ang impormasyong ito?

S: Hindi. Bagama't maaaring may maganda namang layunin si Vera, papasukin niya ang "tipping" na isang paglabag sa ating Koda at sa mga patakaran ng Dole. Dagdag pa, kung ang ama ni Vera ay umaksyon dahil sa impormasyong ito, pareho silang mananagot sa paglabag sa batas ukol sa insider trading. Kailangang ilihim ni Vera ang impormasyon.

Mga Pagpapaubaya (Waiver) sa Ating Koda

Kung ang Kompanya ay magsususog sa, o gagawa ng anumang pagpapaubaya, kasama na ang isang walang pasubaling pagpapaubaya, mula, sa isang itinakda sa Koda ng Kaasalan na para sa pangunahing tinaguriang opisyal ng Kompanya, pangunahing financial officer o pangunahing accounting officer na humihingi ng pagsisiwalat sa ilalim ng mga naaangkop na alituntunin ng, ang Kompanya ay kakailanganing magsiwalat ng susog o pagpapaubaya at ang mga dahilan nito ay ihayag sa website ng Kompanya sa *www.dole.com* sa loob nang apat na araw na may pasok mula sa petsa ng susog o pagpapaubaya.

Divisional Senior Management

Principal Operating Divisions/Regions	Tagapangulo ng Principal Operating Divisions	Pinansiyal na Tagapangulo ng Principal Operating Divisions	HR Head ng Principal Operating Divisions	Ligal na Tagapangulo ng Principal Operating Divisions
Corporate	Michael Carter	Yoon Hugh	Charlene Mims	Genevieve Kelly
North America - Sariwang Prutas	Michael Cavallero	Jay Esban	Charlene Mims	Genevieve Kelly
North America - Sariwang Prutas	Ray De Riggi	Howard Roeder	Kent Hansen	Genevieve Kelly
Hilagang America- Hawaii	Dan Nellis	Gail Mun	Janis Wong	Genevieve Kelly
Latin America - Sariwang Prutas	Renato Acuña	David Sesin	Patricia Bresciani	Genevieve Kelly
Chile at Argentina – Sariwang Prutas	Juan Pablo Vicuña	Andres Luna	Patricia Bresciani	Genevieve Kelly
Europa at Africa - Sariwang Prutas	Johan Lindén	Philippe Gavalda	Marco Bröning	Genevieve Kelly

Ang mga salungat sa interes na may kaugnayan sa Principal Operating Divisional Senior Management na nakatala sa itaas ay kailangang iulat sa, at balik-aralan ng Corporate Senior Management. Ang mga Direktor at mga Tinaguriang opisyal ay kailangang mag-ulat ng sarili nilang posibleng salungat sa Audit Committee.

Pinagbaha-bahagihang Tungkulin upang Mapigilan, Maiwasto at, kung Kailangan, Maiulat ang mga pinaghihinalaang Paglabag sa Koda

Ang paninindigan ng Dole sa matitinong kasanayang pangnegosyo at sa matataas na pamantayang etikal ay nangangahulugang tayong lahat ay dapat na indibidwal na gumawa ng hakbang, alinsunod sa mga prinsipyong ito araw-araw, at kabahagi tayo sa tungkuling mapigilan, maiwasto at, kung kailangan, maiulat ang mga pinaghihinalaang Paglabag sa Koda. Sa ganitong paraan ay napapahintulutan tayong mabilis na makapagtukoy at makaharap sa mga alalahanin bago pa man ang mga ito ay maging malalaking problema. Kung kailangan, ang Dole ay nagkakaloob ng ilang mga pamamaraang magagamit ninyo para makapag-ulat ng isang pinaghihinalaang paglabag sa Koda. Kahit ano pa ang paraan, ang isang desisyon ng empleyado upang mag-ulat ng isang hinihinalang paglabag ng Koda ay protektado ng tuntunin ng Dole sa hindi pangungunsinte ng anumang uri ng pagganti.

Dole Internet Hotline

Maaari ninyong iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa Koda sa *www.DoleIntegrity.com*.

Dole Telephone Hotline

Maaari ninyong iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa Koda sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline ng Dole sa +1.888.236.7527 kung nasa U.S. (kung tumatawag mula sa ibang bansa, tumawag nang kolekt sa +1.503.748.0531). May mga tagasaling-wika.

Diretsong Pag-uulat

Kung may mga tanong kayo tungkol sa Kodang ito, o kung gusto ninyong iulat ang isang pinaghihinalaang paglabag sa Koda, maaari ring makipag-ugnayan nang personal, sa telepono, sa email, o padalhan ninyo ng sulat, ang sino man sa mga sumusunod:

1. Ang inyong tagapagpanuto o iba pang kawani na tagapagpanuto;
2. Isang kinatawan ng Human Resources o isa pang kinatawan para sa mga ugnayang pangkawani;
3. Isang abogado sa Legal Department ng Dole; o
4. Isang miyembro ng Internal Audit Department ng Dole.